

**Ang Inyong Karapatan na  
Magdesisyon Tungkol sa  
Medikal na Paggagamot**

# Ang Inyong Karapatan na Magdesisyon Tungkol sa Medikal na Paggagamot

**Ipinapaliwanag nito** ang inyong karapatan na magdesisyon tungkol sa pangangalaga ng kalusugan at kung paano kayo makakapag-plano ngayon para sa inyong medikal na pangangalaga kung hindi kayo makakapagsalita para sa inyong sarili sa hinaharap. Hinihiling ayon sa pederal na batas na ibigay namin sa inyo ang impormasyong ito. Umaasa kami na ang impormasyon ito ay makakatulong na mapalawak ang inyong kontrol sa inyong medikal na paggagamot. Ang Alameda County Behavioral Health Care Services ay hindi tumutulong sa pagpapatupad ng isang Advance Directive (Paunang Kautusan).

## **Sino ang nagpapasya sa aking paggagamot?**

Ang inyong mga doktor ang magbibiyga sa inyo ng mga impormasyon at payo tungkol sa paggagamot. May karapatan kayong pumili. Maaari kayong magsabi ng “Oo” sa mga paggagamot na nais ninyo. Maaari kayong magsabi ng “Hindi” sa anumang paggagamot na hindi ninyo gusto—kahit na mas tatagal ang buhay ninyo sa nasabing paggagamot.

## **Paano ko malalaman kung ano ang gusto ko?**

Dapat ay sabihin sa inyo ng inyong doktor ang tungkol sa inyong medikal na kondisyon at kung ano ang magagawa para sa inyo ng iba’t ibang mga alternatiba sa paggagamot at sa pamamahala ng pananakit. Ang karamihan sa mga paggagamto ay may mga “side effects.” Dapat ay bigyan kayo ng inyong doktor ng impormasyon tungkol sa mga problema na marahil na madudulot sa inyo ng mga medikal na paggagamot. Madalas, higit sa isang paggagamot ang maaaring makatulong sa inyo—at ang mga tao ay may iba’t ibang mga ideya kung alin ang pinakamainam. Masasabi sa inyo ng inyong doktor kung aling mga paggagamot ang magagamit ninyo, ngunit hindi makakapili para sa inyo ang inyong doktor. Ang desisyon na iyon ay nasasa inyo at depende kung ano ang mahalaga para sa inyo.

## **Makakatulong ba ang ibang tao sa aking mga desisyon?**

Oo. Madalas ay humihingi ng tulong ang mga pasyente mula sa kanilang mga kamag-anak at malalapit na kaibigan para sa mga medikal na pagpapasya. Ang mga taong ito ay makakatulong sa inyong pag-isipan ang mga hinaharap ninyong pagpapasya. Maaari ninyong hilingin mula sa mga doktor at nars na makipag-usap sa inyong mga kamag-anak at kaibigan. Maaaring sila ang magtanong sa mga doktor at nars para sa inyo.

## **Maaari ba akong pumili ng kamag-anak o kaibigan para magdesisyon sa aking pangangalaga ng kalusugan para sa akin?**

Oo. Maaari ninyong sabihin sa inyong doktor na nais ninyong iba ang magdesisyon para sa inyo hinggil sa inyong pangangalagang pangkalusugan. Hilingin sa doktor na ilista ang nasabing tao bilang inyong “surrogate (kahalili)” sa pangangalaga ng kalusugan sa inyong medikal na rekord. Ang kontrol ng kahalili ninyo sa inyong mga medikal na pagdedesisyon ay mabisa lang habang nagpapagamot para sa inyong kasalukuyang sakit o pinsala o, kung kayo ay nasa isang medikal na pasilidad, hanggang makaalis kayo ng pasilidad.

## **Paano kung masyadong lumala ang aking sakit para makapagdesisyon ng mag-isa sa aking pangangalagang pangkalusugan?**

Kung hindi ninyo napangalananan ang inyong kahalili, sa gayon ay tatanungin ng doktor ang pinakamalapit ninyong makakausap na kamag-anak o kaibigan para makatulong na magpasya kung ano ang pinakamainam para sa inyo. Kadalasan ay magagamit rin ito. Gayunman, minsan ay hindi sumasang-ayon ang lahat kung ano ang dapat gawin. Ito ang dahilan kung bakit nakakatulong kung pauna ninyong masasabi, kung ano ang nais ninyong mangyari kung hindi ninyo magawang makapagsalita nang mag-isa.

**Kailangan ko bang maghintay hanggang sa magkasakit ako para mapahayag ang aking mga nais tungkol sa aking pangangalaga ng kalusugan?**

Hindi. Sa katotohanan, mas mainam na piliin na bago pa man kayo magkasakit o kailangang magpunta sa ospital, nursing home, o iba pang pasilidad para sa pangangalaga ng kalusugan. Maaari kayong gumamit ng Advance Health Care Directive (Paunang Kautusan para sa Pangangalaga ng Kalusugan) para sabihin kung sino ang nais ninyong kumatawan para sa inyo at anong mga uri ng paggagamot ang nais ninyo. Ang mga dokumentong ito ay tinatawag na “pauna” dahil inihahanda ninyo ito bago kinakailangang magpasya para sa pangangalaga ng kalusugan. Ang mga ito ay tinatawag na “mga kautusan” dahil nakasaad sa mga ito kung sino ang magiging kinatawan ninyo at ano ang nararapat na gawin. Sa California, ang parte ng isang Advance Directive na magagamit ninyo para magtalaga ng isang ahente para sa mga pagdedesisyon sa pangangalaga ng kalusugan ay tinatawag na “Power of Attorney for Health Care”. Ang parte kung saan maipapahayag ninyo kung ano ang nais ninyong gawin ay tinatawag na “Individual Health Care Instruction.”

**Sino ang maaaring gumawa ng isang Advance Directive?**

Magagawa ninyo ito kung kayo ay may edad na 18 taong gulang o mas matanda at kayang magsagawa ng mga medikal na pagdedesisyon ng mag-isa. Hindi ninyo kailangan ng abogado.

**Sino ang maaari kong italaga bilang aking ahente?**

Maaari kayong pumili ng isang nasa hustong edad na kamag-anak o iba pang taong mapagkakatiwalaan ninyo na magsalita para sa inyo kapag kailangan ng mga medikal na desisyon.

**Kailan magsisimula ang aking ahente sa pagsasagawa ng mga medikal na kondisyon?**

Karaniwan, ang ahente sa pangangalaga ng kalusugan ay magdedesisyon lang makalipas kayong mawalan

ng kakayahan na gawin ito ng mag-isa. Gayunman, kung nais ninyo, maaari ninyong ipahayag sa Power of Attorney for Health Care na nais ninyong magsimula kaagad ang ahente sa pagdedesisyon.

**Paano malalaman ng aking ahente kung ano ang mga nais ko?**

Makalipas na kayo ay makapili ng ahente, kausapin ang taong iyon tungkol sa nais ninyo. Minsan ang mga desisyon para sa pagpapagamot ay mahirap gawin, at tunay na nakakatulong kung alam ng inyong ahente ang nais ninyo. Maaari rin ninyong isulat ang inyong mga nais sa inyong Advance Directive.

**Paano kung ayaw kung magtalaga ng isang ahente?**

Maaari pa rin ninyong isulat ang inyong mga nais sa inyong Advance Directive, ng hindi nagbabanggit ng sinumang ahente. Masasabi ninyong nais ninyong patuloy na mabuhay hangga’t maaari. O masasabi ninyong hindi ninyo nais na mabuhay sanhi lang ng mga pagpapagamot. Dagdag pa dito, maipapahayag ninyo ang inyong mga nais tungkol sa paggamit ng mga pain relief o iba pang mga uri ng medikal na paggagamot. Kahit na wala kayong sinulatan na Individual Health Care Instruction, maaari ninyong talakayin ang inyong mga nais sa inyong doktor, at hilingin sa inyong doktor na ilista ang mga ninanais na iyon sa inyong medikal na rekord. O matatalakay ninyo ang inyong mga nais kasama ng inyong mga kapamilya o kaibigan. Ngunit marahil ay mas madali na masundan ang inyong mga kahilingan kung isusulat ninyo ang mga ito.

**Paano kung magbago ako ng isip?**

Maaari kayong magbago ng isip o kanselahin ang inyong Advanced Directive kahit kailan basta’t sabihin ninyo ang mga ninanais na ito.

Para baguhin ang taong magsasagawa ng mga desisyon para sa inyong pangangalaga ng kalusugan, kailangan ninyong lagdaan ang isang pahayag o sabihin sa doktor na namamahala sa inyong pangangalaga.

**Ano ang mangyayari kung may ibang magdesisyon para sa aking pagpapagamot?**

Ang parehong mga tuntunin ang ipapataw kung sino man ang magdedesisyon sa ngalan ninyo—isang ahente ng pangangalaga ng kalusugan, isang kahalili na binanggit ninyo sa inyong doktor, o taong itinalaga ng korte para magdesisyon para sa inyo. Ang lahat ay kinakailangang sumundo sa inyong Health Care Instructions o, kung wala, ang inyong pangkalahatang mga kahilingan tungkol sa paggagamot, kasama na ang pagpapahinto sa pagpapagamot. Kung hindi alam ang inyong mga kahilingan sa pagpapagamot, kailangang subukan ng kahalili na magpasya kung alin ang pinakamainam para sa inyo. Ang mga taong nagkakaloob ng inyong pangangalaga sa kalusugan ay dapat sumunod sa mga desisyon ng inyong ahente o kahalili maliban na lang kung ang hinihiling na paggagamot ay isang hindi wastong medikal na pamamalakad o hindi mabisa at di nakakatulong sa inyo. Kung ito ay maging sanhi ng di pagkakasunduan na hindi maayos, ang tagapagkaloob ng serbisyo ay dapat magsagawa ng makatuwirang pagsisikap upang makahanap ng iba pang tagapagkaloob ng serbisyo para sa pangangalaga ng kalusugan upang pumalit sa inyong pagpapagamot.

**Gagamutin pa rin ba ako kung hindi ako gumawa ng isang Advance Directive?**

Oo naman. Makakatanggap ka pa rin ng medikal na paggagamot. Nais lang namin malaman kung sa kaganapan na masyado lumala ang inyong sakit para makapagdesisyon, may ibang taong makakagawa nito para sa inyo. Tandaan na ang isang Power of Attorney for Health Care ay nagpapahintulot sa inyong pangalanan ang isang ahente na magdesisyon para sa inyo. Ang inyong ahente ay maaaring magdesisyon para sa mga karamihan—hindi lang iyong mga tungkol sa paggagamot na magpapanatili sa inyong mabuhay (life sustaining treatment)—kapag hindi ninyo kayang

magsalita o magdesisyon para sa inyong sarili. Maaari rin ninyong pahintulutan ang inyong ahente na maaga pang ay magdesisyon para sa inyo, kung nais ninyo. Maaari kayong gumawa ng isang Individual Healthcare Instruction sa pamamagitan ng pagsusulat ng inyong mga nais tungkol sa pangangalaga ng kaluugan o sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa inyong doktor at tanungin sa doktor na irekord ang inyong mga kahilingan sa inyong medikal na file. Kung alam ninyo kung kailan ninyo nais o hindi nais ang ilang mga uri ng paggagamot, ang isang Instruction ay isang mabuting paraan na linawin ang inyong mga ninanais sa inyong doktor at sa iba pang kabilang sa pagpapasya ng inyong pagpapagamot. Ang dalawang uri na ito ng Advance Healthcare Directives ay magagamit nang sabay o hiwalay.

**Paano ako makakakuha ng mas maraming impormasyon tungkol sa pagsasagawa ng Advance Directive?**

Tanungin sa inyong doktor, nars, social worker, o tagapagkaloob ng serbisyo para sa pangangalaga ng kalusugan para makakuha ng karagdagang impormasyon para sa inyo. Maaari ninyong ipasulat sa isang abogado ang Advance Directive para sa inyo, o maaari ninyong kumpletuhin ang isang Advance Directive sa pamamagitan ng pagsusulata sa mga blangko na nasa form. Kung nais ninyong gamitin ang form, ibibigay ito.

**Saan ako maaaring magreklamo tungkol sa hindi pagsunod ng isang tagapagkaloob ng serbisyo?**

Para sa mga reklamo hinggil sa di pagsunod sa mga kahilingan sa ilalim ng Advance Directive, maaaring isampa ang mga ito sa California Department of Health Services (DHS) Licensing and Certification sa pamamagitan ng pagtawag sa 1 (800) 236-9747 o sa pamamagitan ng koreo sa PO Box 997413, Sacramento, CA 95899-1413.